



Filipino translation of "Acute Radiation Syndrome" (<http://www.bt.cdc.gov/radiation/ars.asp>)

Acute Radiation Syndrome

Ang radiation sickness, na kilala bilang acute radiation sickness (ARS), ay isang malubhang sakit na nangyayari kapag ang buong katawan (o halos ang buong katawan) ay binibigyan ng mataas na dosis ng radiation, karaniwan sa loob ng maikling panahon. Marami sa mga nakaligtas sa Hiroshima at Nagasaki atomic bomb noong mga 1940 at marami sa mga bombero na unang nakarating pagkatapos ng aksidente sa Chernobyl Nuclear Power Plant noong 1986 ang nagkasakit ng ARS.

Ang mga taong nalantad sa radiation ay magkaka-ARS lamang kung:

- Ang dosis ng radiation ay mataas (ang mga dosis mula sa mga medikal na pamamaraan tulad ng mga chest X-ray ay masyadong mababa upang magdulot ng ARS; gayuman, ang mga dosis mula sa radiation therapy para sa kanser ay maaaring sapat na mataas upang magdulot ng ilang mga sintomas ng ARS),
- Ang radiation ay pumasok (ibig sabihin, nakarating sa internal organs),
- Ang buong katawan ng tao, o karamihan nito, ay binigyan ng dosis, **at**
- Ang radiation ay ibinigay sa loob ng maikling panahon, karaniwan sa loob ng ilang minuto.

Ang mga unang sintomas ng ARS ay karaniwang alibadbad, pagsusuka, at pagtatae. Ang mga sintomas na ito ay magsisimula mula sa loob ng ilang minuto hanggang ilang araw matapos malantad, at magtatagal ng ilang minuto hanggang ilang araw, at maaaring mawala at bumalik muli. Pagkatapos ay karaniwang mukhang mahusay at malusog ang pakiramdam ng tao sa maikling panahon, at pagkatapos ay nagkakasakit siya muli at walang ganang kumain, pagod, nilalagnat, may alibadbad, nagsusuka, nagtatae, at maaari pa ngang magkaroon ng seizures at coma. Ang talagang malubhang panahon ay maaaring magtagal mula ilang oras hanggang ilang buwan.

Ang mga taong may ARS ay karaniwan ding may pinsala sa balat. Ang pinsala na ito ay maaaring magsimulang lumabas sa loob ng ilang mga oras pagkatapos ng pagkalantad at maaaring kasali ang pamamaga, pangangati, at pamumula ng balat (parang masamang sunburn). Maaari ring malagas ang buhok. Tulad ng ibang mga sintomas, maaaring bumuti ang balat makaraan ang ilang sandali, at sundan ng pagbalik ng pamamaga, pangangati, at pamumula makaraan ang ilang araw o linggo. Ang kompletong pagbuti ng balat ay maaaring abutin ng mula ilang linggo hanggang ilang taon, depende sa dosis ng radiation na natanggap ng balat ng tao.

Ang pagkakataon ng pagbuti para sa mga taong may ARS ay bumababa habang tumataas ang dosis ng radiation. Karamihan sa mga tao na hindi bumubuti mula sa ARS ay mamamatay sa loob ng ilang buwan ng pagkalantad. Ang sanhi ng kamatayan sa karamihan ng mga kaso ay ang pagpinsala sa bone marrow ng tao, na nagreresulta sa mga impeksyon at pagdurugo sa loob ng katawan. Para sa mga nakaligtas, ang proseso ng pagbuti ay maaaring magtagal nang mula ilang linggo hanggang 2 taon.

Kung nagkaroon ng radiation emergency kung saan nalalantad ang mga tao sa matataas na dosis ng radiation sa loob ng maikling panahon, dapat kaagad silang humingi ng medikal na pangangalaga mula sa kanilang doktor o lokal na ospital.

Acute Radiation Syndrome

(continued from previous page)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa radiation at ang gagawin kapag may emergency, tingnan ang Centers for Disease Control and Prevention website sa <http://www.bt.cdc.gov> o tawagan ang sumusunod na mga organisasyon:

Ang Conference of Radiation Control Program Directors <http://www.crcpd.org>] sa (502) 227-4543

Ang Environmental Protection Agency [<http://www.epa.gov/radiation/rert/>]

Ang Nuclear Regulatory Commission [<http://www.nrc.gov/>] sa (301) 415-8200 **Ang Federal Emergency Management Agency (FEMA)** <http://www.fema.gov/> ay matatawagan sa (202) 646-4600.

Ang Radiation Emergency Assistance Center/Training Site [<http://www.orau.gov/reacts/>] sa (865)-576-3131

Ang U.S. National Response Team [<http://www.nrt.org/production/nrt/home.nsf>]

Ang U.S. Department of Energy (DOE) [<http://www.energy.gov/>] sa 1-800-dial-DOE

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang www.cdc.gov/radiation o tawagan ang CDC public response hotline sa (800) 232-4636, o (888) 232-6348 (TTY).